

Mabubuting kapitbahay na maaasahan mo.

<フィリピン語>

MAG-ENJOY! Pamumuhay sa Aikawa

Ang samahan ng kapitbahayan ang maaaring magpamahal pa sa iyo sa bayang

Ang samahan ng kapitbahayan ay isang familiar na komunidad na tumutulong na mapatatag ang ugnayan ng mga residente sa pamamagitan ng paghahanda sa mga sakuna at mga kasayahan, para maging ligtas at komportableng tirahan ang ating bayan. Ang pagsali rito ay maaaring magpaganda pa ng

MGA AKTIBIDAD NG SAMAHAN NG KAPITBAHAYAN

Sumusuporta sa pang-araw-araw na buhay na nakasanayan natin. Ang samahan ng kapitbahayan ay gumagawa ng mga hakbang para palakasin ang ugnayan ng bawat isa at magpatupad ng mga gawain para sa ligtas at komportableng komunidad.

MGA AKTIBIDAD SA KALIGTASAN AT PAG-IWAS SA KRIMEN SA KOMUNIDAD

Ang samahan ng kapitbahayan ay nagsasagawa ng mga ronda laban sa krimen. Bukod pa rito, ang simpleng pakikipag-ugnayan araw-araw sa komunidad ay nakakatulong maiwasan ang mga nakawan (akyat-bahay), kaya epektibo rin ito para sa lokal na kaligtasan.



[PAGBAHAGI NG LOKAL NA IMPORMASYON]

MGA AKTIBIDAD SA PUBLIKONG RELASYON



Ang impormasyon tungkol sa lokal at bayan ay ibinabahagi sa pamamagitan ng mga sirkular at mga bulletin board upang mapanatiling may kaalaman ang mga residente.

[PAGPAPANATILI NG KALINISAN NG KOMUNIDAD]

MGA AKTIBIDAD UPANG LINISIN AT PAGBUTIHIN ANG KAPALIGIRAN

Sa pakikipagtulungan ng bayan, isinasagawa ang mga kampanya tulad ng "Zero Waste Cleaning Campaign", kasama ang araw-araw na pagsisikap para panatilihin ang malinis at kaaya-aya ang paligid.



[PAGHAHANDA PARA SA MGA EMERGENCY] MGA AKTIBIDAD SA PAG-IWAS SA SAKUNA

Sa panahon ng sakuna, napakahalaga ng tulong at suporta sa loob ng komunidad. Nagsasagawa kami ng mga pagsasanay sa paghahanda para sa sakuna at nagpapanatili ng mga imbak na mga emergency supplies para maging laging handa sa oras ng sakuna.



MGA AKTIBIDAD PARA SA KAPAKANAN NG KOMUNIDAD NA MAY MALASAKIT



Nakatuon kami sa paglikha ng isang ligtas at matulunging komunidad kung saan ang lahat ay maaaring mamuhay nang may kapayapaan ng isip. Kabilang sa aming mga aktibidad ang pagsuri sa mga matatandang residente at pagsuporta sa mga inisyatibo sa pangangalap ng pondo para sa kawanggawa.

MGA AKTIBIDAD PARA SA PAGKAKAISA NG KOMUNIDAD AT PAGLILIKOM NG PONDO

Nagsasagawa kami ng mga pagdiriwang at mga kaganapan sa komunidad na nagtataguyod ng pakikipag-ugnayan at nagpapatibay ng mga lokal na ugnayan. Ang pakikilahok sa mga aktibidad na ito ay nagbibigay ng mahahalagang pagkakataon upang bumuo ng makabuluhan at harapang ugnayan sa mga residente.



PAANO GINAGAMIT ANG BAYAD SA SAMAHAN NG KAPITBAHAYAN?

Ang bayad sa samahan ay ginagamit para sa iba't ibang proyekto ng komunidad, kabilang ang mga lokal na kasayahan, paghahanda sa sakuna, at mga programa ng pakikipagtulungan sa isa't isa. Dahil nag-iiba ang prayoridad at paggastos bawat komunidad, makipag-ugnayan sa inyong lokal na samahan ng kapitbahayan para sa tiyak na impormasyon.



PAANO SUMALI SA SAMAHAN NG KAPITBAHAYAN

Para sumali, makipag-ugnayan sa lider ng inyong samahan ng kapitbahayan o kinatawan ng inyong block. Kung hindi mo alam ang contact details ng inyong lokal na samahan, makipag-ugnayan sa Digital Collaboration Promotion Division para sa tulong.

SAMA-SAMA NATIN BUOIN ANG ISANG MAGANDANG BAYAN NG AIKAWA!

Ang mga aktibidad ng samahan ng kapitbahayan ay may mahalagang papel sa pagsuporta sa pang-araw-araw na buhay, kaligtasan, at kapayapaan ng isip—kadalasan sa mga paraang hindi napapansin. Sa panahon ng emergency, ang pakikipagtulungan sa isa't isa at suporta ng komunidad ay lalong mahalaga. Hinihikayat namin kayong sumali sa inyong lokal na samahan ng kapitbahayan.

MGA TANONG TUNGKOL SA PAGIGING MIYEMBRO AT MGA AKTIBIDAD NG SAMAHAN NG KAPITBAHAYAN

Para sa mga katanungan tungkol sa pagiging miyembro o mga aktibidad ng samahan ng kapitbahayan, makipag-ugnayan sa Digital Collaboration Promotion Division, Collaboration Promotion Section: 046-285-6937 (direktang linya).



Mag-apply po kayo para maging miyembro dito.